

Kami ay isang miyembro ng Samahan ng Kagalingan sa Pananalapi (Financial Wellbeing Collective) – isang pagtutulungan ng di-para-kumita (*not-for-profit*) na mga organisasyong nagseserbisyo sa komunidad at lokal na gobyerno, na nagbibigay ng hanay ng pinagsama-sama at nakatuon-sa-tao na mga serbisyo.

Bilang kabahagi ng Financial Wellbeing Collective, kami ay nakapangakong mabawasan ang mga bagay na nagtutulak at nakakaapektong kahirapan sa pananalapi dito sa komunidad ng Kanlurang Australya.

Dagdagan ang iyong nalalaman tungkol sa Financial Wellbeing Collective sa: **thefwc.org.au**

Financial Wellbeing Collective
Proud Partner

Ang Uniting WA ay isang organisasyon para sa mga serbisyo sa komunidad ng Uniting Church Western Australia. Sinusuportahan namin ang mga taong nakakaranas ng mga kumplikadong paghahamon sa kabuuang metropolitang lugar (*metro area*) ng Perth at sa Great Southern (Kalakhang Timog).

Bilang isang organisasyon, ipinagdiriwang namin ang pagkakaiba't-iba at tinatanggap ang lahat ng mga tao kahit anuman ang pagka-etnisidad, pinapaniwalaang relihiyon, edad, abilidad, kultura, lengguwahe, kasarian, pagkakilanlan, o sekswal na kinikilingan.

Kinikilala namin kung ano ang kalakasan at koneksyon ng Mga Naunang Tao (First Peoples) sa komunidad at Bansa. At naniniwala kami na sa pagyakap sa karunungan, mga salaysay at kultura ng Mga Naunang Tao ay para makatamo ng mga positibong resulta.

## Tawagan kami


1300 663 298

fws@unitingwa.org.au

GPO Box B74,
Perth WA 6838

**unitingwa.org.au**


Kung kailangan mo nitong impormasyon sa kakaibang pormat, mangyaring makipag-usap sa amin.


Mga Serbisyo ng Kagalingan sa Pananalapi (Financial Wellbeing Services) - Abril 2023


**Uniting WA**

**Mga Serbisyo ng Kagalingan sa Pananalapi (Financial Wellbeing Services)**


Email
**fws@unitingwa.org.au**

Tawagan
**1300 663 298**

O bisitahin
**unitingwa.org.au**


# Sinusuportahan ka na malampasan ang suliranin sa pananalapi.

Uniting



## Pang-emerhensyang Ginhawa (Emergency Relief)

Ang Emergency Relief (ER) ay nagbibigay ng suporta sa mga taong nahaharap sa kagyat na krisis sa pananalapi.

Kung hindi mo makayanang bumili ng pagkain o bayaran ang iyong mga utang — o mayroon kang hindi inaasahang mga gastos katulad ng gamot — diyan, makakatulong kami.

Para sa ER *appointment* sa Perth o Joondalup:

Tumawag sa **9220 1255** tuwing 11 ng umaga, mula Martes hanggang Biyernes.

## Pagpapayo sa Pananalapi (Financial Counselling)

Ang aming mga akreditadong tagapagpayo ay naririto para tumulong kung ikaw ay nahihirapan sa pananalapi. Makikipagtulungan kami sa iyo para maintindihan ang iyong sitwasyon, pag-uusapan ang iyong mga mapagpipilian at tulungan kang makahanap ng solusyon.

Ang aming mga tagapagpayo ay maaaring kumilos para sa iyo at makipagtalakayan sa iyong mga pinagkakautangan — katulad ng mga bangko at mga kumpanyang pang-utilidad — para pag-usapan ang mga plano sa pagbabayad at mga kasunduan dahil sa kahirapan.

Nag-aalok kami ng mga *appointment* sa lugar ng central Perth, Fremantle, Joondalup, Yanchep, at Scarborough.

Tawagan ang **9220 1255** sa tuwing Lunes ng alas-8:30 ng umaga para magpa-appointment ng isang linggong mas maaga para sa pagpapayo sa pananalapi.

## Pagtuturong Indibidwal

Ang pinansiyal na pagtuturo ay parang pakikipag-usap sa isang kaibigan na tutulong sa iyo upang mapabuti ang iyong kalagayang pinansiyal sa ilang mga sesyon. Maaari mo itong gawin nang isa sa isa o kasama ang isang grupo.

Ang aming mga libreng sesyon ng pagtuturo ay tumatagal ng 40 minuto, at maaari kang makipag-usap sa amin nang personal, sa telepono, o *online*.

## Mga Workshop para sa Kagalingan sa Pananalapi

Bigyang kakayahan ang iyong mga kliyente sa pamamagitan ng mga kaalaman at kasanayan upang epektibong mapamahalaan ang kanilang pananalapi sa tulong ng mga workshop para sa Kagalingan sa Pananalapi.

Ang aming mga workshop ay ligtas na paraan upang makakuha ng praktikal na payo, tiwala sa sarili pagdating sa pananalapi, mahahalagang kasanayan sa buhay, at ito rin ay isang kapaki-pakinabang na karanasan.

Kasama sa mga paksang aming tinatalakay ay ang mga paniniwala tungkol sa pera, pagtitipid, utang, pag-uugali sa pera, pagiging retirado o *superannuation* at marami pang iba.

Para mag-*book* ng Indibidwal na sesyon sa Pagtuturong Pinansiyal o isang Panggrupong *Workshop*, mangyaring mag-*email* sa **fwc@unitingwa.org.au**